Isang Sulyap sa Plano ng Pagbabakuna Laban sa COVID-19 ng NJ

Nagsumite ang Kagawaran ng Kalusugan ng New Jersey (New Jersey Department of Health, NJDOH) ng draft ng plano ng pagbabakuna laban sa COVID-19 sa mga Sentro para sa Pagkontrol at Pagpigil ng Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC) noong Oktubre 16, 2020. Ia-update ang planong ito sa mga susunod na buwan bago maaprubahan at dumating ang bakuna sa New Jersey. Magbibigay sa inyo ang pahinang ito ng maikling buod kung ano ang nilalaman ng plano. Kung gusto ninyong basahin ang plano nang mas detalyado, bisitahin ang www.state.nj.us/health/cd/topics/covid2019_vaccination.shtml

Nilalayon ng plano ng bakuna laban sa COVID-19 ng estado na:

- Magbigay ng pantay na pag-access sa lahat ng nakatira, nagtatrabaho, at/o nag-aaral sa New Jersey
- Makamit ang proteksyon ng komunidad, inaasahan ang pagiging epektibo, pagkakaroon, at paggamit ng bakuna
- Bumuo ng napapanatiling tiwala sa COVID-19 at iba pang mga bakuna

Pantay na Pag-access - Nilalayon nito na alisin ang mga pagkakaiba-iba sa pamamagitan ng pagsasangkot ng iba't ibang kapareha upang magtrabaho sa pagpaplano at paghahatid ng bakuna. Maaari itong makamit sa pamamagitan ng pagbibigay ng bakuna sa mga ligtas at pamilyar na lugar; pagbibigay ng impormasyonn sa iba't ibang wika; pagpaparami ng pag-abot sa mga komunidad gamit ang impormasyon; pagsasaalang-alang ng mga pagpipilian sa gastos para sa mga kulang sa seguro/hindi nakaseguro at iba pang mahihinang grupo; at pag-aalis sa mga hadlang.

Pamamaraan na Naka-phase - Isinasaalang-alang ng plano ang tatlong malamang na phase ng supply at pangangailangan sa bakuna. 1.) limitadong dami ng bakuna, 2.) supply na kayang matugunan ang pangangailangan, at 3.) bumabagal na pangangailangan ng publiko.

Tiwala ng Publiko - Patataasin ng NJDOH ang kaalaman, magbibigay ng edukasyon, at pagaganahin ang pagkilos ng mga kapareha sa pampublikong kalusugan at pangangalaga ng kalusugan at ang publiko upang harapin ang mga alalahanin gamit ang nakabatay sa agham, kalusugan ng publiko at medikal na impormasyon mula sa mga pinagkakatiwalaang mapagkukunan.

Pamumuno ng Estado - Isinasagawa ang pamamaraang “kabuuan-ng-gobyerno”, kabilang ang lahat ng kagawaran ng estado upang masiguro na naihahatid nang pantay ang bakuna at walang grupo na napag-iiwanan nang hindi makatarungan.

Paggabay ng Eksperto - Kinuha ng mga pinuno ng estado ang mga eksperto sa paksa at mga pinuno sa kuru-kuro upang gabayan ang New Jersey sa buong prosesong ito at magpapatuloy na gawin ito hanggang sa paglulunsad ng bakuna.

Mga Kritikal na Populasyon - Sa panahon ng Phase 1 magiging mahalaga na siguruhin na isama sa mga unang mabibigyan ng bakuna ang mga taong pinakananganganib sa pagkahawa sa COVID-19, mga taong nanganganib sa mas malubhang sakit o kamatayan, o mga taong kabilang sa mga populasyong kulang sa serbisyo – kabilang ang mga komunidad na hindi puti – na labis-labis na naapektuhan ng pandemya.

Napapanahong Pag-abot Para sa Unang Dosis at mga Paalala sa Ikalawang Dosis - Iba't ibang paraan upang siguruhin na natatanggap ng mga tao ang tamang bilang ng dosis ng bakuna at may rekord na itatabi.

Mahusay at Epektibong Lokal na Paghahatid - Mayroong mga planong nakalaan para sa paggamit ng mga POD (Points of Dispensing o Mga Lugar ng Pagbibigay) na ilalagay sa buong estado para sa maginhawang paghahatid ng bakuna. Nakikipagtulungan ang NJDOH sa mga kaparehang ahensya upang masiguro ang tamang paghawak at pag-iimbak ng mga bakuna.

Organisadong Pamamahala ng Imbentaryo - Magsisilbi ang Sistema ng Impormasyon ng Pagbabakuna ng NJ (NJ Immunization Information System) ng NJDOH bilang sentrong sistema ng pagrehistro, pag-order at pag-uulat para sa bakuna laban sa COVID-19 upang masiguro ang angkop na alokasyon ng mga mapagkukunan.

Pagsubaybay sa Programa sa Buong Estado -Sa buong proseso, isasagawa ang mga hakbang upang subaybayan ang programa ng bakuna upang masiguro na sumusulong ang programa ayon sa plano at upang magawa ang mga aksyon ng pagtatama kung kinakailangan.

11/2/2020